Mga paalala sa mga pasahero bago dumating sa LAX:

- Huwag magbalot o magdala ng mga bagay na bawal sa LAX. Bumisita sa website ngTransportation Security Administration sa *www.tsa.gov* para sa mga kasalukuyang listahan sa mga maaari at di-maaaring dalhin para sa carry-on o checked luggage. Ang lahat ng lighters ay ipinagbabawal sa carry-on items. Halos lahat ng lighters na may fuel ay ipinagbabawal din sa checked luggage.
- Iwanang nakabukas ang mga regalo o mga malaking kahon para sa pagsusuri.
- Iwasang magsuot ng damit, alahas at iba pang bagay na may bakal. Ang mga bagay na may bakal ay maaaring magsanhi ng pagtunog ng alarma habang nasa passenger screaning.
- Ilagay ang hindi pa na develop na film at ang kamerang mayroon pang film sa iyong bitbit na bagahe. Ang screening equipment sa checked baggage ay nakakasira sa hindi pa na develop na film.
- Ang Carry-on items ay limitado sa isang carry-on na bagahe at isang karagdagang personal item, kagaya ng laptop computer, purse, backpack, briefcase o kamera case.
- Lagyan ng identification tags ang lahat ng inyong mga bagahe.
- Kinakailangan ang government-issued photo identification sa mga bumibiyahe na nasa edad na labing-walong taong gulang o higit pa sa pagpasok sa passenger security screening.
- Sumakay ng maginhawa patungong LAX sa shared ride transportation kagaya ng FlyAway buses mula Union Station at Van Nuys, Metro Green Line trains, door-to-door shuttle vans, airport at public buses, taxis at limousines.
- Ang mga motoristang may sinusundong pasahero ay maaaring pumarada at maghihintay sa LAX Cell Phone Waiting Lot sa 9011 Airport Blvd. o, pumarada ng libre sa dalawang oras sa Economy Lot B (111th St. at La Cienega Blvd.) at C (96th St. at Sepulveda Blvd.) at may libreng shuttle service patungong terminal.
- Upang makatipid ng oras, I-printa ang boarding passes electronically sa Internet Websites ng eruplanong inyong sasakyan.
- Kung gusto ninyong ikandado ang checked luggage, gamitin ang TSA – recognized lock. Bumisita sa *www.tsa.gov* para sa listahan ng may gawa ng mga kandado para sa bagahe na maaaring mabubuksan ng espesyal na kasangkapan na ginagamit ng security screeners.

Habang nasa paliparan, huwag kalimutan ang mga sumusunod:

- Pinapayagan sa terminal curbside ang paghatid at pagsundo ng mga pasahero ngunit ipinagbabawal ang pag himpil o paghihintay. Salubungin ang mga pamilya o kaibigan sa baggage claim area na nasa Lower/Arrivals Level o terminal curbside.
- Bantayan ang mga personal na gamit sa lahat ng oras at huwag pumayag na magbantay sa bagahe ng hindi kakilala.
- Huwag mag-iwan ng mga bagay na may halaga sa sasakyang ipinarada. Siguraduhin ang pag-susi sa pintohan at pagsarado sa mga bintana ng sasakyan.

Sa passenger security screening:

- Huwag magdala ng mga inumin o ibang likido sa security checkpoints maliban kung ito'y nasa re-sealable o spillproof na lalagyan.
- Ilabas ang laptop computers sa lalagyan at ilapag sa kahon.
- Hubarin ang outer coat, blazer o sweater.
- Ilagay ang lahat ng bakal sa loob ng inyong carry-on bag, kagaya ng mga barya, susi at cellular phones. O magdala ng clear plastic bag at ilagay ang nabanggit na mga gamit upang tuloy-tuloy na sa passenger screening.

Para sa impormasyon sa serbisyo ng mga pasahero:

- Bumisita sa website ng LAX *www.lawa.org* at i-klick ang "Airport Conditions" para sa impormasyon sa kasalukuyang operasyon ng paliparan, lagay ng panahon sa buong Amerika, kasalukuyang trapiko ng mga sasakyan, availability sa pagparada at iba pang mga nakakatulong na impormasyon.
- Tumawag sa LAX automated, information hotline sa (310) 646-5252 o sa libreng numero (888) 544-9444.
- Makinig sa AirRadio 530 AM para sa kalagayan ng paliparan.
- Ang bumibiyahing may mga kapansanan at medical concerns o ibat - ibang espesyal na pangangailangan ay kailangan bumisita sa website ng LAX at i-klick ang "Travelers With Disabilities" para sa impormasyon ng LAX accommodations. O bumisita sa website ng TSA *www.tsa.gov* o tawagan ang inyong airlines.
- Ang bumibiyahe na may mga katanungan at reklamo hinggil sa security procedures ay kailangang tumawag sa TSA Consumer Response Center sa libreng numero - (866) 289-9673 o mag e-mail sa ahensiya, tsa-contactcenter@dhs.gov.

LAX
Los Angeles World Airports